# NINGAS

*by:*
**Jamaica T. Pangilinan**

"Ang pag-ihip (sa ningas) ng kandila ng iba ay hindi naman magpapaningning sa sarili mong dala." ~ Unknown

Inggit isa sa mga salitang karaniwang salitang mariring mo na bukambibig ng karamihan. Hindi naiwan sa bagong salitang balbal na ginagamit sa kasalukuyan para tukuyin ang mga tao tila yata na walang ibang ginagawa sa buhay kung abangan ang kilos ng kapit bahay . mga taong gising 24/7 masagap lang mga panibangong tsismis. Buhay ng iba ang kanilang palaging paksa Imbis na atupagin ang kanilang kaniya-kaniyang anak at asawa. Marites kung sila ay tawagin. Pinaikli para sa palaging kanilang bukambig na 'mars, ano ang latest' . Bukod sa bago at mainit init pang mga tsismis Inggit ako sayo ! ang ganda mo namang magsulat. Nakakainggit talaga si Pedro , may bago naman siyang nabiling mga ari-arian. Wika ng isang marites na Walang humpay na sinasabing sila ay na iinggit ngunit , wala namang ginagawa para mapataas at mapaangat ang kanilang antas ng pamumuhay. Imbis na guguluin ang panahon para mapaganda ang kaniyang pagsulat at iwasan ang pagtambay. Imbis na na mag-ipon at magbanat ng buto at hindi pagsasayang ng laway sa walang kapararakang bagay. Dapat sana ay ginagamit ang napakahalagang at ginintuang oras sa kapakipakinabang na bagay. Batid ko kahit anong gawin nating tao. Mayroon pa din naman talagang mga tao na masasabing hindi magandan ukol sayo. May kasabihan ngang you cannot please everybody, darating talaga ang panahon na kahit gaano pa kaganda ang pakikisama mo. Isang pabor lang ang hindi mo napagbigyan nawawala na mga magagandang bagay na nagawa mo kaniya. Habang tumatanda ako, personally, natutunan kong iwasan at huwag patulan ang mga marites na aking nakakadaupang palad, huwag silang papatulan dahil kailangan mong iset ang priodidad mo sa buhay ay saying lamang ang iyong oras at panahon kung iyo



depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

silang papatulan. Marites ay nagkalat, maaring siya ay iyong kaibigan, kamag-anak , kapit-bahay o maging katrabaho man. Hindi sila titigil hanggat Hindi ka napapatay ang ningas ng iyong kandila dahil inggit ang mamayani sa bawat isa.

*References:*

Sariling pagkuro at karanasan.

https://philnews.ph/2020/01/21/inggit-in-english-tagalog-english-translation-of-inggit/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan